



Randal J. Richardson

President

233 South Wacker Drive

Suite 8400

Chicago, IL 60606

May 3, 2021

Minamahal na Katrabaho sa Vi,

Sa loob ng mahigit sa isang taon na ngayon, lahat kayo ay maraming isinakripisyo para alagaan ang marami at labanan ang COVID-19 sa mahusay, matapang, at walang-sawang paraan. Sa ngalan ng Team sa Ehekutibong Pamamahala at Lupon ng Mga Direktor ng Vi, nais kong ipahayag ang aking pasasalamat sa napakalaking dedikasyong ipinakita ng bawat isa sa inyo habang humaharap sa malupit na pandemya. Sa kabila nito, humihiling kami ng higit pa.

Para mahinto ang pandemyang ito, kailangan nating gamitin ang lahat ng ating mga paraan sa pag-iwas na available sa atin. Ayon sa CDC, ang mga bakuna ang isa sa mga pinakamabisang paraan para protektahan ang iyong kalusugan at maipigilan ang sakit. Gumagana ang mga bakuna sa mga natural na depensa ng iyong katawan para maging handa ang iyong katawan na labanan ang virus ng COVID-19 kung sakaling malantad ka. Ang iba pang hakbang sa pag-iwas, gaya ng pagsusuot ng mask na tinatakpan ang iyong ilong at bibig at ang pananatiling hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo sa iba pang taong hindi mo kasamang naninirahan sa bahay ay nakakatulong ding pigilan ang pagkalat ng COVID-19. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang mga bakuna sa COVID-19 ay lubos na mabisa sa pagtulong na maiwasang magkaroon ka ng COVID-19. Ayon sa paniniwala ng mga dalubhasa, ang pagkuha ng bakuna sa COVID-19 ay maaaring makatulong sa iyong hindi magkaroon ng malalang sakit kung sakaling mahawaan ka ng COVID-19. Ang mga bakunang ito ay hindi makakapagbigay ng sakit mismo.

Kahit na puno ng pag-asa ang balita ng pagdating ng mga bakuna sa paglaban sa COVID-19, hindi ito nagpapahiwatig ng agarang pagtatapos sa paglaban sa nakamamatay na virus na ito. Bilang mga frontline na provider ng serbisyo at pangangalaga sa mga pinakamahinang populasyong malaki ang panganib sa COVID-19, mayroon tayong mahalagang obligasyon para protektahan ang kalusugan at kapakanan ng ating mga residente at miyembro ng team.

Alinsunod sa napakahalagang responsibilidad na ito, may-bisa mula Agosto 1, bilang kondisyon ng patuloy na pagtatrabaho, kakailanganin ng Vi ang bakuna sa COVID-19 para sa lahat ng empleyadong nakabase sa komunidad, contractor, at empleyado ng Korporasyon na may responsibilidad na maglakbay patungo sa mga komunidad ng Vi.

Dagdag dito, kakailanganin na ngayon ng Vi ang pagpapabakuna sa seasonal flu bago lumipas ang Nobyembre 30 para sa lahat ng empleyadong nakabase sa komunidad, contractor, at empleyado ng Korporasyon na may responsibilidad na maglakbay patungo sa mga komunidad ng Vi. Bagaman ipinag-uutos na ng mga pang-estado/lokal na regulasyon sa maraming lokasyon kung saan nagpapatakbo ang Vi, ang pagpapabakuna sa trangkaso ay matagal nang tinatanggap bilang isang ligtas at epektibong paraan para pigilan ang milyon-milyong karamdaman at libo-libong pagpapatingin sa doktor at ospital kada taon.

Umaasa akong tutugon ang bawat empleyado ng Vi sa aking pagtawag para kumilos at agad na magpabakuna. Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin, o kailangan mo ng higit pang impormasyon para suportahan ka sa iyong proseso ng paggawa ng desisyon, o kung may mga sitwasyong humahadlang para magpabakuna ka, mangyaring agad na makipag-ugnayan sa iyong Departamento ng Human Resources.

Taos-puso,

A handwritten signature in cursive script that reads "Randy".

Randy